Filipino

Australian Government

NATIONAL CERVICAL SCREENING PROGRAM
A joint Australian, State and Territory Government Program

# Pag-unawa sa mga resulta ng iyong Pagsusuri ng Matris

## Ang gabay na ito ay tutulong sa iyo na maunawaan ang mga resulta ng iyong Pagsusuri ng Matris.



Tatalakayin sa iyo ng iyong doktor o nars ang iyong mga resulta at ang mga susunod na hakbang.

Mainam na oras ito upang magtanong ng anuman o ipaalam sa kanya na ikaw ay nag-aalala tungkol sa iyong mga resulta.

### Ano ang hinahanap ng Pagsusuri ng Matris?

Ang Pagsusuri ng Matris ay humahanap ng impeksyon na human papillomavirus (HPV).

Napaka-karaniwan ng HPV kung kaya't maraming mga tao ang nagkakaroon nito nang hindi nila nalalalam sa ilang yugto ng kanilang buhay, dahil karaniwan ay walang mga sintomas.

Subali't nananatili nang matagal ang HPV sa ating mga katawan, maaaring magdulot ito ng mga problema na maaaring humantong sa kanser sa matris. Karaniwan, inaabot ito ng 10 hanggang 15 taon.

### Ano ang ibig sabihin ng resulta ng aking pagsusuri?

Kakausapin ka ng iyong doktor o nars tungkol sa mga resulta ng iyong Pagsusuri ng Matris, at sasagutin ang anumang mga tanong na mayroon ka.

Australian Government

NATIONAL CERVICAL SCREENING PROGRAM

A joint Australian, State and Territory Government Program

## Pag-unawa sa mga resulta ng iyong pagsusuri

Ang mga ito ang posibleng mga resulta at ang kahulugan ng mga ito.

| | |
|---|---|
| Magpasuring muli makaraan ang 5 taon | Walang natagpuang HPV sa iyong sampol. Ang susunod mong pagsusuri ay makaraan ang 5 taon. Bibigyan ka ng paalala 3 buwan bago dumating ang susunod mong pagsusuri. |
| Bumalik para sa isa pang sampol na kukunin ng iyong tagapagbigay ng pangkalusugang pangangalaga. | Pinili mong kumuha ng sarili mong sampol para sa iyong pagsusuri at may natagpuang HPV sa sampol na ikaw mismo ang kumuha. Hihilingan kang bumalik sa iyong doktor o nars. Siya ang kukuha ng isa pang sampol na may kasamang mga selula ng matris. Hindi posible ang paggamit ng sariling pagkuha para sa sampol na ito. |
| Ulitin ang pagsusuri sa loob ng 12 buwan | May natagpuang HPV sa iyong sampol, ngunit maaari itong alisin ng sarili mong katawan. Ligtas para sa iyo na maghintay ng 12 buwan bago ka magpasuring muli. |
| Ulitin ang Pagsusuri ng Matris dahil sa hindi kasiya-siyang resulta ng pagsusuri | Hindi nakakuha ng resulta ang laboratoryo mula sa iyong sampol. Hindi ito nangangahulugan na may isang bagay na hindi tama. Mag-iskedyul para magpasuring muli sa loob ng 6 hanggang 12 buwan. |
| Pagsangguni sa espesyalista | May natagpuang HPV sa iyong sampol at ang uri ng impeksyong HPV ay nangangailangan ng karagdagang mga pagsusuri o paggamot. Isasangguni ka sa espesyalista ng iyong doktor o nars para sa isa pang pagsusuri. |

**Karagdagang impormasyon?**

Kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon, makipag-usap sa iyong doktor, nars o pangkalusugang manggagawa, bisitahin ang www.health.gov.au/NCSP o tumawag sa **1800 627 701.**

Para sa tulong sa inyong wika, maaari mong tawagan ang Translating and Interpreting Service (TIS National) sa **131 450**.
Bisitahin ang www.health.gov.au/NCSP-multicultural para sa nakasaling impormasyon.